

# SAINT AGNES, VIRGIN, MARTYR

## PATRON SAINT OF YOUNG GIRLS, RAPE VICTIMS, AND CHASTITY

**Only the names of the earliest saints and martyrs are embedded in the Roman Canon, Eucharistic Prayer I. Saint Agnes is among those listed (Felicity, Perpetua, Agatha, Lucy, Agnes, Cecilia, Anastasia, etc…) Devotion to Agnes as both Virgin and Martyr is of ancient origin and is specifically mentioned by 4th century writers, including Pope Damasus. A basilica was built during the reign of Constantine himself over the catacombs where St. Agnes' relics were deposited. A later structure, with an ancient mosaic showing St. Agnes, is still an active church on that exact site today. The mobs of tourists and pilgrims who crowd the eternal city today, and who shuffle through Piazza Navona, may not realize that they are walking by the very site where Agnes was martyred. The beautiful Baroque Church of St. Agnes on Piazza Navona reminds the discerning pilgrim that our saint met her death at that exact spot.**

**Agnes was of a tender age when she was killed. She was just a girl. Tradition says that she was beautiful and wanted to dedicate her virginity to the Lord, despite numerous suitors desirous of her beauty. She was killed, then, both for her faith and for her steadfastness in refusing to violate her vow of chastity. It was a double martyrdom, made all the sweeter because of her youth. With**




**poetic license and rhetorical power, St. Augustine imagines St. Agnes' final moments: "You could see fear in the eyes of the executioner, as if he were the one condemned; his right hand trembled; his face grew pale as he saw the girl's peril; while she had no fear for herself. One victim, but a twin martyrdom, to modesty and to religion. Agnes preserved her virginity, and gained a martyr's crown."**

**When making solemn vows at his ordination, a man marries the Church so that he can make her fruitful. But a woman's vows to the religious life make her a spouse of Christ Himself. A man marries the Church, a woman marries Christ. This beautiful bridal imagery speaks the human language of love and commitment. God is a person, not just a prime mover or a higher power. So he loves us like a person, and we love Him back like a person. Part of this love is jealousy. God is a jealous spouse. He wants total commitment from those who have dedicated their lives to Him. He demands total fidelity. In extreme cases, even to the point of death. Little St. Agnes understood all of this with girlish simplicity united to a will of iron. Innocence alongside maturity. Chastity alongside toughness. Beauty holding hands with death.**

***St. Agnes, help all young people commit themselves to Christ when young, giving Him the most fruitful years of their lives. Inspire them to say "Yes" to God and not just as a "No" to the world. Help both young and old to see that although life is a gift, there are greater things than life, such as God in His glory.***

**MYCATHOLIC.LIFE**

**Ika-21 ng Enero, Biyernes II**

## PAGGUNITA KAY SANTA AGNES,
### Dalaga at Martir

**Panalangin Sa Umaga**

## PASIMULA

**Panginoon, buksan mo ang ating mga labi.**
At pupurihin ka ng aking bibig.

## PAANYAYA SA PANALANGIN ANTIPONA

**Halina't purihin ang Panginoon; nasa kanya ang lahat ng ating kasiyahan.**

**Salmo 95**

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak. *(Antipona)*

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang. *(Antipona)*

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan. *(Antipona)*

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang. *(Antipona)*

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan." *(Antipona)*

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen. *(Antipona)*

## AWIT

O D'yos ng mga bansa, at nagbigay ng buhay,
Lahat ng kabutihan, ikaw ang pinagmulan;
Ang pag-ibig mong wagas ay nababanaagan,
Alitan sa bayan mo sa 'yong loob ay laban.

Umaasa po kami na 'yong patatawarin,
Dahil muling 'pinako ang Kristong maawain;
Talos naming kulang pa pagsisikap na tupdin,
Na mahalin ang kapwa at sarili'y limutin.

Turuan mo po kami na kapwa'y paglingkuran,
Ang tumulong nang tapat, nang walang hinihintay;
Pag-isahin mo kami sa isang kapatiran,
Na walang kanya-kanya, dahil 'sang angkan lamang.

## MGA ANTIPONA AT SALMO

**Antipona 1:** Ang mapagpakumbaba't pusong tapat, Panginoon, ay di mo pababayaan.

### Salmo 51

*(O Diyos, maawa ka sa amin)*

Ako'y kaawaan, O mahal kong Diyos,
Sang-ayon sa iyong kagandahang-loob;
Mga kasalanan ko'y iyong pawiin,
Ayon din sa iyong pag-ibig sa akin!
Linisin mo sana ang aking karumhan
At ipatawad mo yaring kasalanan!

Ang pagsalansang ko ay kinikilala,
Laging nasa isip ko at alaala.
Sa iyo lang ako nagkasalang tunay,
At ang nagawa ko'y di mo nagustuhan.

Kaya may matuwid ka na ako'y hatulan,
Marapat na ako'y iyong parusahan.
Ako'y masama na buhat nang iluwal,
Makasalanan na nang ako'y isilang.

Nais mo sa aki'y isang pusong tapat;
Puspusin mo ako ng dunong mong wagas.
Ako ay linisin, sala ko'y hugasan
At ako'y puputi nang walang kapantay.

Sa galak at tuwa ako ay puspusin;
At muling babalik ang galak sa akin.
Ang kasalanan ko'y iyo nang limutin,
Lahat kong nagawang masama'y pawiin.
Isang pusong tapat sa aki'y likhain,
Bigyan mo, O Diyos, ng bagong damdamin.
Sa iyong harapa'y h'wag akong alisin;
Ang Espiritu mo ang papaghariin.

Ang galak na dulot ng ’yong pagliligtas,
Ibalik at ako ay gawin mong tapat.
Kung magkagayon na, aking tuturuang
Sa iyo lumapit ang makasalanan.

Ingatan mo ako, Diyos kong Manunubos,
Ang pagliligtas mo’y galak kong ibabantog.
Turuan mo akong makapagsalita,
At pupurihin ka sa gitna ng madla.

Hindi mo na nais ang mga panghandog;
Sa haing sinunog di ka nalulugod.
Ang handog ko, O Diyos, na karapat-dapat
Ay ang pakumbaba’t pusong mapagtapat.

Iyong kahabagan, O Diyos, ang Sion;
Yaong Jerusalem ay muling ibangon.
At kung magkagayon, ang handog na haing
Dala sa dambana, torong susunugin,
Malugod na ito’y iyong tatanggapin.

*(Papuri sa Ama at…)*

**Antipona 1:** Ang mapagpakumbaba’t pusong tapat, Panginoon, ay di mo pababayaan.

**Antipona 2:** Kahit sa iyong pagkagalit, Panginoon, habag mo’y makakamit.

**Awit: Habakuk 3:2-4, 13a, 15-19**

*(Dumarating ang Diyos upang maghukom)*

PANGINOON, narinig ko ang lahat ng ulat tungkol sa iyo,
At ako’y nalipos ng paghanga sa iyong mga ginawa.
Ulitin mo ang mga gawang ito sa panahong ito
At magpakahayag kang muli ngayon.
Ipadama mo ang iyong awa kahit sa panahon ng pagkapoot.

Ang Diyos ay nanggaling sa Teman,
At ang Banal ay nagmula sa Bundok ng Paran.
Laganap sa kalangitan ang kanyang kadakilaan,
At nagsisikip sa sanlibutan ang pagpuri sa kanya.

Darating siyang singliwanag ng kidlat,
Gumuguhit mula sa kanyang kamay;
At doon natatago ang kanyang kapangyarihan.
Lumabas ka para iligtas ang iyong bayan,
At ang haring pinahiran mo ng langis.

Dumaan kang nakasakay sa iyong mga kabayo sa gitna ng karagatan,
Anupat tumaas ang malalakas na alon.
Narinig ko ito at ang aking buong katawan
ay nanginig, nangatal ang labi ko.

Nanghina ang aking mga buto,
At naging mabuway ang aking paghakbang.
Mapayapa kong hihintayin ang takdang panahon
Ang pagpaparusa ng Diyos sa umapi sa amin.

Bagama't di namumunga ang punong igos
At hindi rin namumunga ang puno ng ubas,
Kung ang pamumunga ng olibo'y mabalam
At walang anihin sa mga bukirin.

Kahit mamatay ang mga tupa sa kulungan
At daanan ng salot ang bakahan sa mga silungan.
Mananalig pa rin ako sa PANGINOON;
Ako'y magagalak dahil sa Diyos ng aking kaligtasan.

Ang Diyos na PANGINOON ay aking lakas;
Tumatakbo akong simbilis ng usa,
At iniingatang ligtas kahit sa kabundukan.

*(Papuri sa Ama at…)*

**Antipona 2:** Kahit sa iyong pagkagalit, Panginoon, habag mo'y makakamit.

**Antipona 3:** Purihin ang Panginoon, O Jerusalem!

**Salmo 147:12-20**

*(Ang pagpapanumbalik ng Jerusalem)*

Purihin mo, Jerusalem, purihin ang PANGINOON,
Purihin mo ang iyong Diyos, kayong mga taga-Sion.

Yaong mga pintuan mo ay siya ang nag-iingat,
Ang lahat ng iyong lingkod ay siya ang nagbabasbas.
Ginagawang matahimik yaong mga hangganan mo,
Bibigyan kang kasiyahan sa kaloob niyang trigo.

Kung siya ay nag-uutos, agad itong natutupad,
Dumarating sa daigdig, na hindi na nagluluwat.
Singkapal ng damit-tupa yaong yelong pumapatak,
Para itong alikabok na sa lupa'y lumalagpak.

Mga yelong buo-buo, sinlaki ng munting bato,
Lumalagpak, na ang lamig di matiis kahit sino.
Ang yelo ay natutunaw, sa isa lang niyang utos,
Umiihip yaong hangi't ang tubig ay umaagos.

Kay Jacob n'ya ibinigay ang balita at pabilin,
Ang tuntuni't mga aral, ibinigay sa Israel.
Ang ganitong karapatan ay wala ang ibang bansa,
Pagkat hindi nila batid ang utos na itinakda.

*(Papuri sa Ama at…)*

**Antipona 3:** Purihin ang Panginoon, O Jerusalem!

## MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Efeso 2:13-16)*

Ngunit ngayon, dahil sa inyong pakikipag-isa kay Kristo Hesus, kayong dating nasa malayo ay nailapit sa pamamagitan ng kanyang kamatayan. Pinagkasundo niya tayo. Kaming mga Judio at kayong mga Hentil ay kanyang pinag-isa. Sa pamamagitan ng kanyang katawan, pinawi niya ang alitan na parang pader na naghihiwalay sa atin. Pinawalang bisa niya ang Kautusang pawang mga utos at tuntunin upang pag-isahin sa kanya ang dalawang bayan at maghari ang kapayapaan. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, winakasan niya ang alitan ng dalawang bayan, kapwa pinapanumbalik sa Diyos at pinagbuklod sa iisang katawan.

## TUGUNAN

**Ang Panginoong Kataas-taasan ay gumawa sa akin ng mga dakilang bagay. Tatawag ako sa kanya sa oras ng kagipitan.**
— Ang Panginoong Kataas-taasan ay gumawa sa akin ng mga dakilang bagay. Tatawag ako sa kanya sa oras ng kagipitan.

**Ipadala nawa niya ang kanyang lakas upang ako'y iligtas,**
— tatawag ako sa kanya sa oras ng kagipitan.

**Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.**
— Ang Panginoong Kataas-taasan ay gumawa sa akin ng mga dakilang bagay. Tatawag ako sa kanya sa oras ng kagipitan.

## PAPURING AWIT NI ZACARIAS

**Antipona:** Sapagkat lubhang mahabagin ang ating Diyos, magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

*(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)*

## PANGKALAHATANG PANALANGIN

**Sambahin natin si Kristo na nag-alay ng kanyang sarili sa Ama sa pamamagitan ng Espiritu Santo upang linisin muli tayo sa mga gawang idinulot ng kamatayan. Purihin natin siya at taimtim na tawagan:**

*Nasa iyong kalooban ang aming kapayapaan, Panginoon.*

Sa iyong kagandahang-loob, natanggap namin ang simula nitong bagong araw,
— ipagkaloob mo rin sa amin ang simula ng isang bagong buhay.

Ikaw ang gumawa ng lahat ng bagay, at ngayo'y nagtataguyod para sa pag-unlad nila,
— makilala nawa namin ang iyong mga gawa sa sangnilikha.

Sa pamamagitan ng iyong sariling dugo, pinagtibay mo ang bago at walang hanggang tipan,
— maging matapat nawa kami sa pakikipagtipang yaon sa pamamagitan ng pagsunod sa iyong mga aral.

Dugo at tubig ang dumaloy sa iyong tagiliran noong ikaw'y nasa krus,
— ang nakaliligtas na agos nawang ito ang pumawi sa aming mga kasalanan at magbigay-galak sa lungsod ng Diyos.

## AMA NAMIN

## PANGWAKAS NG PANALANGIN

**Ama naming makapangyarihan,**
**pinili mo ang mahihina sa turing ng sanlibutan**
**upang hiyain ang mapagmalaking malalakas.**
**Ngayong aming ipinagdiriwang**
**ang pagsilang sa kalangitan ng iyong martir**
**na si SANTA AGNES, kami nawa'y pagbigyan**
**mong makasunod sa pagiging matatag sa**
**pananampalataya ayon sa ipinamalas niya**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**
**Amen.**

## PAGHAYO

*(Kung may pari o diacono)*

**Sumainyo ang Panginoon**
at sumaiyo rin.

**Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.**
Amen.

*(Kung walang pari o diacono)*

**Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan**
**at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.**
Amen.

**Panalangin sa Takipsilim**

## PASIMULA

**O Diyos, halina at ako'y tulungan.**
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

**Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,**
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## AWIT

Sa iyo'y pasasalamat, Amang sa 'mi'y nagtanim,
Ng iyong ngalang banal sa mga puso namin.
Pananampalataya't buhay na walang maliw,
Ang Anak mong si Hesus ang sa ami'y ihain.

Tunghayan mong may awa ang banal mong Simbahan,
Ilayo sa masama at lagi mong bantayan,
Gawin mo kaming ganap sa iyong pagkamahal,

Linisin at iayon sa iyong kalooban.
Tulad ng mga butil, na dati'y nagsiwalat,
Nang ito ay nag-uhay, 'sang tinapay naganap;
Kaya't saan mang dako, Simbahan ay ikalap
Tungo sa paghahari ng 'yong banal na Anak.

## MGA ANTIPONA AT SALMO

**Antipona 1:** Panginoon, iligtas mo ako sa kamatayan, at huwag mo akong pabayaan.

**Salmo 116:1-9**
*(Pasasalamat)*

Mahal ko ang PANGINOON, pagkat ako'y dinirinig,
Dinirinig niya ako, sa dalangin ko at hibik;
Ako'y kanyang dinirinig tuwing ako'y tumatawag,
Kung ako ay tumatawag, sinasagot niya agad.




Noong ako'y mahuhulog sa bingit ng kamatayan,
Nadarama ko ang tindi ng takot ko sa libingan;
Lipos ako ng pangamba at masidhing katakutan.
Sa ganoong kalagayan, ang PANGINOON ang tinawag ko,
At ako ay nagsumamo na iligtas niya ako.

Mabuti ang PANGINOON, siya'y mahabaging Diyos,
Tunay siyang mahabagin at mapagpahinuhod.
Ang PANGINOON ang nag-iingat sa wala nang sumaklolo,
Noong ako ay manganib, iniligtas niya ako.

Manalig ka, O puso ko, sa Diyos ka magtiwala,
Pagkat siya ay mabuti't di marunong magpabaya.
Ako'y kanyang iniligtas sa kuko ng kamatayan,
Tinubos sa pagkatalo, at luha ko'y pinahiran.

Sa harap ng PANGINOON doon ako mananahan,
Doon ako mananahan sa daigdig nitong buhay.

*(Papuri sa Ama at…)*

**Antipona 1:** Panginoon, iligtas mo ako sa kamatayan, at huwag mo akong pabayaan.

**Antipona 2:** Ang hangad kong tulong ay sa Diyos nagmumula, sa Diyos na lumikha ng langit at lupa.

**Salmo 121**

*(Tagapagtanggol ng kanyang bayan)*

Sa gawi ng bundok, tumitingin ako,
Saan manggagaling ang aking saklolo?
Ang hangad kong tulong, sa Diyos magmumula,
Sa Diyos na lumikha ng langit at lupa.

Huwag sana akong bayaang mabuwal,
Handang lagi siya sa pagsasanggalang.
Ang tagapagtanggol ng bayang Israel,
Hindi natutulog at palaging gising!

Ang Diyos na PANGINOON, siyang magbabantay,
Laging nasa piling, upang magsanggalang.
Di ka magdaramdam sa init ng araw,
Kung gabi ay di ka sasaktan ng buwan.

Sa mga panganib, ikaw'y ililigtas
Nitong PANGINOON, siyang mag-iingat.
Saanman naroon, ikaw'y iingatan,
Di ka maaano kahit na kailan.

*(Papuri sa Ama at…)*

**Antipona 2:** Ang hangad kong tulong ay sa Diyos nagmumula, sa Diyos na lumikha ng langit at lupa.

**Antipona 3:** Haring walang hanggan, matuwid at totoo ang iyong mga daan.

**Awit: Pahayag 15:3-4**

*(Awit ng Pagsamba)*

Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Dakila at kahanga-hanga ang iyong mga gawa!
O Hari ng mga bansa,
Matuwid at totoo ang iyong mga daan!

Sino ang hindi matatakot sa iyo, PANGINOON?
Sino ang tatangging magpahayag ng iyong kadakilaan?

Ikaw lamang ang banal!
Lahat ng mga bansa ay lalapit
At sasamba sa iyo,
Sapagkat nakita ng lahat ang matuwid mong mga gawa.

*(Papuri sa Ama at…)*

**Antipona 3:** Haring walang hanggan, matuwid at totoo ang iyong mga daan.

## MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(1 Corinto 2:6-10a)*

Ngunit sa mga may sapat na gulang sa pamumuhay espirituwal, karunungan ang ipinangangaral namin, subalit hindi karunungan ng sanlibutang ito o ng mga tagapamahala sa ngayon na nakatakdang malipol. Ang tinutukoy ko ay ang panukala ng Diyos, na nalihim sa tao; itinalaga niya ito para sa ating ikaluluwalhati, bago likhain ang sanlibutan. Isa man sa mga tagapamahala sa kapanahunang ito'y walang nakaunawa sa panukalang iyon. Sapagkat kung naunawaan nila iyon, hindi sana nila ipinako sa krus ang dakilang Panginoon. Ganito ang sinasabi ng Kasulatan,

"Hindi pa nakikita ng mata, ni naririnig ng tainga,
Hindi pa rin sumasagi sa isip ng tao,
Ang inihanda ng Diyos sa mga umiibig sa kanya."

Subalit ito'y inihayag ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Espiritu.

## TUGUNAN

**Namatay si Kristo para sa ating kasalanan upang sa Diyos ay maging alay.**
— Namatay si Kristo para sa ating kasalanan upang sa Diyos ay maging alay.

**Namatay siya sa mundong ito na makasalanan, ngunit sa kapangyarihan ng Espiritu, siya'y muling nabuhay,**
— upang sa Diyos ay maging alay.

**Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.**
— Namatay si Kristo para sa ating kasalanan upang sa Diyos ay maging alay.

## PAPURING AWIT NI MARIA

**Antipona:** Alalahanin mo, Panginoon, ang iyong awa, ang sumpang binitiwan mo sa aming mga magulang.

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

*(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)*

## PANGKALAHATANG PANALANGIN

**Dakilain natin si Kristo, ang mahinahon at maawaing Panginoon, na pumapawi ng luha ng mga umiiyak. Tumawag tayo sa kanya nang may pagmamahal:**

*Mahabag ka sa iyong bayan, Panginoon.*

Panginoong Hesus, tinatangkilik mo ang mga mababababang loob,
— pakinggan ang hinaing ng mga dukha.

Maawaing Diyos, dinggin ang mga iyak ng mga nagaagaw-buhay,
— sa iyong pakikipiling, pagaanin ang kanilang kalooban.

Tulutang maunawaan ng mga pilit na pinalikas ang mapagtangkilik na pag-ibig,
— makabalik nawa sila sa kanilang tahanan sa lupa at makapasok sa kanilang tahanan sa langit.

Kaawaan ang mga makasalanan na lumayo sa iyong pagmamahal,
— magbalik-loob nawa sila sa iyo at sa iyong Simbahan.

Iligtas ang aming mga kapatid na yumao,
— makibahagi nawa sila sa ganap na kaligtasang dulot mo.

## AMA NAMIN

## PANGWAKAS NG PANALANGIN

**Ama naming makapangyarihan,**
**pinili mo ang mahihina sa turing ng sanlibutan**
**upang hiyain ang mapagmalaking malalakas.**
**Ngayong aming ipinagdiriwang**
**ang pagsilang sa kalangitan ng iyong martir**
**na si SANTA AGNES, kami nawa'y pagbigyan**
**mong makasunod sa pagiging matatag sa**
**pananampalataya ayon sa ipinamalas niya**
**sa pamamagitan ni Hesukristo**
**kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**
**Amen.**

## PAGHAYO

*(Kung may pari o diacono)*

**Sumainyo ang Panginoon**
at sumaiyo rin.

**Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.**
Amen.

*(Kung walang pari o diacono)*

**Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan**
**at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.**
Amen.

## Panalanging sa Gabi

### PASIMULA

**O Diyos, halina at ako'y tulungan.**
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

**Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,**
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

### AWIT

O Panginoong Hesus, sa ami'y manahan ka,
Sa pagdating ng gabi, dilim ay kumalat na,
'Wag sana nitong pawiin ang aming pag-asa
Kundi gawing ilaw ang pananampalataya.

Panginoong Hesus, gawin kaming mapayapa,
Dumating man ang pagsubok, mayro'ng pagpapala;
Ipag-adya mo kami sa anumang masama
At papupurihan ka, O Diyos na dakila!

**Antipona:** Sa gabi at araw, Diyos ko, ako'y humihibik sa iyo.

**Salmo 88**

*(Panalangin ng isang may karamdaman)*

PANGINOONG Diyos, tumatawag ako sa iyo kung araw,
Pagsapit ng gabi, dumudulog ako sa iyong harapan.
Ako ay dinggin mo, sa pagdalangin ko ako ay pakinggan,
Sa aking pagdaing ako ay tulungan.

Ang kaluluwa ko ay nababahala't lipos ng hilahil.
Dahilan sa hirap wari'y malapit nang ako ay malibing.
Kabilang na ako, niyong malapit nang sa hukay ilagak,
Ang aking katulad ay ang mahina na't ubos na ang lakas.




Ang katulad ko pa ay ang iniwanan sa gitna ng patay,
Animo'y nasawi na nananahimik sa kanyang libingan.
Tulad na rin ako niyong mga tao na iyong nilimot,
Parang mga tao na sa iyong tulong ay hindi maabot.

Dinala mo ako sa may kadilimang hukay na malalim,
Ang hukay na yaon ay isang libingan na ubod ng dilim.
Ikaw ay nagalit, at ang bigat nito'y sa akin nabunton,
Ang aking katulad ay ang tinabunan ng malaking alon.

Mga kasama ko'y iyong binayaan na ako ay iwan,
Binayaan silang mamuhi sa aki't ako'y katakutan,
Kaya hindi ako makatakas ngayo't pintua'y nasarhan.
Dahilan sa lungkot, ang aking paningi'y waring lumalamlam.

Kaya naman, PANGINOON,
Tumatawag ako sa 'yo araw-araw,
Sa pagdalangin ko ay taas ang kamay.
Makagagawa ba
Ikaw, PANGINOON, ng kababalaghan,
Para purihin ka niyong mga patay?

Ang pag-ibig mo ba doon sa libinga'y ipinapahayag,
O sa kaharian niyong mga patay ang 'yong pagtatapat?
Doon ba sa dilim ang dakilang gawa mo ba'y makikita,
O ang pagliligtas, sa mga lupaing wala nang pag-asa?

Sa iyo, O PANGINOON,
Ako'y nananangis at nananawagan,
Sa tuwing umaga ako'y tumatawag sa iyong harapan.
Di mo ako pansin,
O PANGINOON ko, di ka kumikibo,
Bakit ang mukha mo'y ikinukubli mo, ikaw'y nagtatago?

Mulang pagkabata ako'y nagtiis na, halos ikamatay;
Ang iyong parusa'y kusang nagpahina sa aking katawan.
Sa aking sarili, tindi ng galit mo'y aking nadarama,
Ako'y mamamatay kundi ka hihinto ng pagpaparusa.

Parang baha sila kung sumasalakay sa aking paligid,
Sa buong maghapon kinukubkob ako sa lahat ng panig.
Iyong pinalayo pati kasintaha't aking kaibigan,
Ang tanging natira na aking kasama ay ang kadiliman.

*(Papuri sa Ama at...)*

**Antipona:** Sa gabi at araw, Diyos ko, ako'y humihibik sa iyo.

## PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Jeremias 14:9a)*

Kasama ka namin, O Panginoon, Pagkat kami ang iyong bayang hinirang; Huwag mo kaming pabayaan, O Panginoon naming Diyos.

## TUGUNAN

**Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.**
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

**Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,**
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

**Papuri sa Ama at sa Anak, at sa Espiritu Santo.**
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

## PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

**Antipona:** Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

## PANGWAKAS NA PANALANGIN

**Diyos na Makapangyarihan,**
**panatilihin mo kaming nagkakaisa**
**kasama ng iyong Anak**
**sa kanyang pagkamatay at pagkalibing**
**upang muli kami'y makabangon sa isang bagong buhay**
**kasama niya, na naghahari magpasawalang hanggan.**
**Amen.**

## PAGHAYO

**Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.**
— Amen.

## AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.